# Tunay na ang bawat kalipunan ay may tukso at ang tukso ng kalipunan ko ay ang yaman.

Ayon kay Ka`b bin `Iyāḍ, malugod si Allāh sa kanya : "Tunay na ang bawat kalipunan ay may tukso at ang tukso ng kalipunan ko ay ang yaman."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Nagsabi si Ka`b bin `Iyāḍ, malugod si Allāh sa kanya : Narinig ko ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na nagsasabi: "Tunay na ang bawat kalipunan ay may tukso..." Ang tukso ay ang mga bagay na nagsasadlak sa pagkaligaw at pagsuway. "at ang tukso ng kalipunan ko ay ang yaman." dahil ito ay masaklaw sa pagtamo ng minimithi at humahadlang sa pagkalubos ng mabuting kahihinatnan. Ang pagkalibang sa yaman ay umaabala sa isip sa pagsasagawa ng pagtalima [kay Allāh] at nagpapalimot sa Kabilang-buhay.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee